Talagang si Allāh ay higit na maawain sa mga lingkod Niya kaysa sa [babaing] ito sa anak nito."}

Ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya): {May dumating sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na mga bihag saka may isang babae palang kabilang sa mga bihag na naggagatas nga ang suso nito at nagpapainom ito. Kapag nakatagpo ito ng isang paslit ay kinukuha nito iyon saka idinikit nito iyon sa tiyan nito saka pinasuso nito iyon. Kaya nagsabi sa amin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Makaiisip ba kayo sa babaing iyan na magtatapon ng anak niya sa apoy?" Nagsabi kami: "Hindi po, habang siya ay nakakakaya na hindi magtapon nito." Kaya nagsabi siya: "Talagang si Allāh ay higit na maawain sa mga lingkod Niya kaysa sa [babaing] ito sa anak nito."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

May dinala sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na mga bihag ng digmaan mula sa Hawāzin saka mayroon palang kabilang sa kanila na isang babae na naghahanap ng paslit nito. Kaya kapag nakatagpo ito ng isang paslit, kinukuha nito iyon saka pinasuso nito iyon dahil sa pagkapinsala rito dahil sa pagkatipon ng gatas sa suso nito. Natagpuan naman nito ang anak nito sa mga bihag ng digmaan kaya kinuha niya ito saka idinikit iyon sa tiyan nito at pinasususo nito iyon. Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga Kasamahan niya: "Nakapagpapalagay ba kayo sa babaing iyan na magtatapon ng anak niya sa apoy?" Nagsabi kami: "Hindi po iyan magtatapon niyon nang nagkukusa magpakailanman." Kaya nagsabi siya: "Si Allāh naman ay higit na maawain sa mga lingkod Niyang mga Muslim kaysa sa [babaing] ito sa anak nito."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/10095